# ***Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 59***

## *Ang Sulat ni Jesus sa Simbahan sa Sardis Yugto 4*

***‘‘1 At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay.2 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios.3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo.4 Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat.5 Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel.6 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.” (Pahayag 3:1-6)***

Si Jesus sa talata 3 sinabi sa simbahan ***Alalahanin, “Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyan ako sa iyo.” (Pahayag 3:3)***

Tayo ay magpatuloy na daanan ang Kasulatan at basahin kung anong sinabi ng Diyos sa Kanyang bayan at sa atin ngayon upang alalahanin, upang mapaalalahanan na gawin nang may kasigasigan ang ating bahagi sa nais ng Diyos na kamitin natin.

***“Nagbigay halimbawa ako sa inyo sa lahat ng mga bagay, na sa ganitong pagpapagal ay dapat kayong magsisaklolo sa mahihina, at alalahanin ang mga salita ng Panginoong Jesus, na siya rin ang may sabi, Lalo pang mapalad ang magbigay kay sa tumanggap.” (Mga Gawa 20:35)*** Narito sinasabi ni Apóstol Pablo sa matatanda sa simbahan ng Epeso na sa pagpapagal kailangan nilang saklolohan ang mahihina at ang nasa kaguluhan, sapagkat sila’y tinawag upang magbigay tulong, suporta at pananalapi sa mga handang sundin si Cristo ngunit sila’y hinahadlangan ng ilang mga kahirapan at mga hangganan at kailangan nila ang ating tulong. Sa ganitong paraan ay lalo pang mapalad ang mgbigay sa mga talagang nangangailangan kay sa tumanggap. Naranasan ko ang kaligayahan ng pagbibigay sa pagsusuporta sa ilang mga tao na nais sumunod at tumalima kay Cristo ngunit sila ay hinahadlangan upang gawin iyon. Kapag ako’y nagbibigay ng suporta sa nangangailanga tila bang ako’y tumatanggap. *Pagpapalain tayo ng higit kung ating ipapangko ang ating sarili na tumulong sa iba na nasa kaguluhan.*

***“Alalahanin ninyo ang mga may tanikala, gaya ng kayo'y nangagagapos na kasama nila; ang mga tinatampalasan na gaya ng kayo naman ay tinatampalasan sa katawan.” (Hebrew 13:3)*** Dito pinapaalalahanan din ni Apóstol Pablo ang mga mananampalatayang Hebreo na alalahanin ang mga nasa kaguluhan at tulungan sila; ang mga nasa bilangguan na nakatali dahil sa paguusig. Hiniling ni Apóstol Pablo na tulungan ang mga kapatid na nagdurusa na kailangan nilang tulungan, suportahan at aliwin***, “1 Mamalagi nawa ang pagibig sa mga kapatid.2 Huwag ninyong limutin ang pagpapakita ng pagibig sa mga taga ibang lupa: sapagka't sa pamamagitan nito ang iba'y walang malay na nakapagpapatuloy ng mga anghel.” (Hebrew 13:1-2)*** ** Itong lahat ay tungkol sa pagibig na pagbibigay at pagpapakita ng kawanggawa sa mga bahagi ng katawan ni Cristo sapagkat karapat dapat sila sa ganoon, at habang tayo’y nagbibigay, sila’y natutulungan at naginhawaan, at tayo din ay pinagpala. * Kahit sa mga taga ibang lupa kailangan nating ipakita ang pagibig, tila inaaliw natin ang Panginoon Mismo at tayo’y gagantimpalaan ng Panginoon para doon. Ipinakita ng Panginoon ang malinaw na malasakit sa mga taga ibang lupa, dahil ang mga taga ibang lupa sila’y bago sa lugar na nakilala natin sila, at wala silang kilala, kaya naman kailangan natin silang suportahan.*

***“Wala siya rito, datapuwa't nagbangon: alalahanin ninyo ang salita niya sa inyo nang siya'y nasa Galilea pa,” (Lucas 24:6)*** Dito ang mga babae na pumunta sa libingan ni Jesus ay sinabihan sa pamamagitan ng anghel ng Panginoon upang alalahanin ang salita ni Jesus na sinalita Niya sa kanila patungkol sa Kanyang pagkabuhay mula sa patay. Kahit sa atin ngayon kailangang palagi nating alalahanin na ang ating Panginoon ay nabuhay mula sa mga patay, gayundin ipinangako sa atin na babaguhin ng espirituwal na katawan kapag Siya ay dumating upang kunin tayo, ***“51 Narito, sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin, 52 Sa isang sangdali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin.” (1 Corinto 1:51-52)*** Sa gayon kailangan nating maging handa, upang kapag siya ay pumarito tayo ay maging handa para makatagpo Siya.

At kung ang Panginoon ay magluwat ipinangako sa atin na ang ating katawan ay mabubuhay mula sa mga patay, ***“15 Sapagka't ito'y sinasabi namin sa inyo sa salita ng Panginoon, na tayong nangabubuhay, na***

***nangatitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi tayo mangauuna sa anomang paraan sa nangatutulog. 16 Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli;17 Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man. 18 Kaya't mangagaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito." (1 Tesalonica 4:15-18)*** Pinapaalalahanan tayo ngayon ng buhay na walang hanggan na ating tatanggapin kay Cristo Jesus ang ating Panginoon at para dito tayo ay tinawag upang mabuhay ng banal na buhay at maging handa at ihanda ang ating sarili para sa Kanyang pagparito. Handa ka bang makatagpo ang Panginoon? Sinusunod mo ba ang lahat ng Kanyang mga kautusan? Inihinto mo na ba ang iyong masasamang gawain? Sinimulan mo na bang maglingkod as Panginoon? Ginagawa mo ba ang iyong kalooban? Nabubuhay ka ba sa kalugod lugod na buhay sa Pangioon?

Isang beses may isang kapatid na babae na lumabas upang kumain ng pananghalian kasama ng isang lalaki sa restawrant. Tinawag ko siya at ako'y nagsalita sa kanya tungkol sa kanyang ginawa. Sinabi niya sa akin kumain lamang kami, wala kaming ginawa at hindi kami nag-usap ng anumang masama. Tinanong ko siya kung ang ginawa niya ay mabuti. Sinabi niya sa akin na oo. Pagkatapos tinanong niya ako, kung ang ginawa niya ay masama. Tinanong ko siya, kung dumating si Jesus at ikaw nakaupo kasam ng lalaking iyon, kukunin ka ba Niya? Sinabi niya sa akin 'Hindi'. Kailangan nating maging handa para sa pagparito ng Panginoon. Maging maingat kung paano ka mamuhay, maging handa para sa pagparito ng Panginoon.

***"Alalahanin mo si Jesucristo na muling nabuhay sa mga patay, sa binhi ni David, ayon sa aking evangelio:" (2 Timoteo 2:8)*** Sa pag-asang ito ng pagkabuhay, tayo ay tinawag upang ipangaral ang ebanghelyo ni JesuCristo. Maraming mga tao nawala at tayo ay tinawag upang abutin sila at ipatotoo sa kanila ang tungkol kay Cristo. Ang bawat isa sa atin ay kailangang maging handa upang patotohanan ang tungkol kay Cristo at sa Kanyang pagkabuhay mula sa mga patay. Kailangan nating maging handa upang ipahayag ang mensahe kung saan man tayo ay nakakakila ng mga tao. Dapat nating ihanda ang sarili para doon. Ang mensahe ay naglalaman ng ating salaysay, kung paano nating nakilala si Cristo at kung ano ang ginawa ni Cristo sa ating buhay, pagkatapos idadagdag natin ang kasaysayan ni Cristo at kung ano ang ginawa Niya sa krus upang iligtas ang buong sanglibutan, at pagkatapos upang iugnay ang mensahe sa buhay ng mga nakikinig at salaysay at kung anong posibleng maaring gawin ni Cristo sa partikular na taong iyon na ating inaabot.

Upang gawin handa ang iyong sarili para sa pagparito ni Cristo kailangan mong magsisi mula sa iyong mga kasalanan at simulang gawin ang mabuti at mabuhay sa kalooban ng Diyos.
***"Alalahanin ninyo ang asawa ni Lot." (Lucas 17:32)*** Tungkol sa pagpapahayag ng kaligtasan ng Diyos, tungkol sa pagdating ng paghatol ng Dios, at tungkol sa pangalawang pagparito ni Cristo, ang asawa ni Lot ay isang mabuting babalang halimbawa para sa atin upang batir in at malaman. Ang dalawag anghel ay pinilit si Lot na umalis mula sa lungsod kasama ng iba na kabilang sa kanyang pamilya. *Ngayon tayo ay tinawag upang madaling pumunta sa mga kilala natin at subukang hilahin sila palabas mula sa libingan ng kasalanan at gawin ang ating pinakamabuti upang kunin sila palabas kagaya ng mga magulang, mga kapatid na lalaki, babae, kaibigan at ang higit na mga lumapit upang makilala ang Panginoon at sa mga muling bumalik sa kasalanan o tumangging magpatuloy sa makipot na daan at makipot na pintuan ng buhay.* Ipinadala ng Pangioon ang dalawang anghel sa Sodoma upang makita ang kalagayan doon at kunin si Lot palabas mula sa lugar, ***"12 At sinabi ng mga lalake kay Lot, Mayroon ka pa ritong kamaganakan? Ang iyong mga manugang, at ang iyong mga anak na lalake at babae, at ang lahat ng iyong tinatangkilik sa bayan: ay ipagaalis mo sa dakong ito: 13 Sapagka't aming lilipulin ang dakong ito dahil sa napakalakas ang kanilang sigaw sa harap ng Panginoon; at kami ay sinugo ng Panginoon upang aming lipulin." (Genesis 19:12-13)*** Iyon ang nakakahindik na mensahe at may higit na pagmamadali sa ganoong kalagayan na ipapadala ng Diyos ang sakuna. Sinabi ng dalawang anghel kay Lot, ***"15 At nang umumaga ay pinapagmadali ng mga anghel si Lot, na sinasabi, Magbangon ka, ipagsama mo ang iyong asawa at ang iyong dalawang anak na babae na narito, baka pati ikaw ay madamay sa parusa sa bayan." (Genesis 19:15)*** *Dapat tayo magmadaling umalis mula sa mga gumagawa ng masama upang hindi tayo matamaan ng hampas n Diyos sa kanila.* ***"16 Datapuwa't siya'y nagluluwat; at hinawakan ng mga lalake ang kaniyang kamay, at ang kamay ng kaniyang asawa, at ang kamay ng kaniyang dalawang anak na babae; sa habag sa kaniya ng Panginoon: at siya'y kanilang inilabas, at siya'y kanilang inilagay sa labas ng bayan.17 At nangyari, na nang sila'y mailabas na nila, ay sinabi, Itakas mo ang iyong buhay; huwag kang lumingon o huminto man sa buong kapatagan; tumakas ka hanggang sa bundok, baka ikaw ay mamatay." (Genesis 19:16-17)*** Hinawakan ng anghel sila upang madaliin sila na lumabas ng bayan. *Kailangang gawin natin ang pareho upang pilitin ang mga tao na umalis sa mga kasalanan, hilahin sila at hatakin ang mga tao palabas sa apoy. Iyon ang tunay na gawain ng simbahan at iyon ang kailangan ating gawin at ang tunay na pagibig ng Diyos.*.,Sinabi ng PANGINOON sa kanila, ***"huwag kang lumingon o huminto man sa buong kapatagan;"*** Ito ang tinig ng PANGINOON dahil tinawag siya ni Lot PANGINOON gaya ng ating mababasa sa susunod na talata, ***"18 At sinabi sa kanila ni Lot, Huwag ganiyan, panginoon ko:" (Genesis 19:18)*** at sinagot ng PANGINOON si Lot sa kanyang kahilingan na tumakas sa maliit na bayan na tinatawag na Zoar dahil hindi niya kayang umakyat sa bundok. Nang si Lot at ang kanyang pamilya ay nakaabot sa Zoar, pinaulanan ng Panginoon ng nagbabagang Asupre sa Sodoma at Gomorra. ***"Datapuwa't***

***ang asawa ni Lot ay lumingon sa likuran ni Lot, at naging haliging asin." (Genesis 19:26)*** Ating basahin ang katulad na talata sa NIV ***"26 Ngunit lumingon ang asawa ni Lot kaya't ito'y naging isang haliging asin." (Genesis 19:26)*** Sa KJV makikita natin na siya ay lumingon sa likuran ng kanyang asawa, hinayaan niyang mauna siya sa kanya ngunit siya ay lumigon sa likod niya, ginawa niya iyon dahil narinig niya ang malinaw na utos na huwag lumingon, kaya't ginawa niya ito ng buong pagsang-ayon, sa likod ng kanyang asawa at nang hindi niya nalalaman na sinusubukang itago ang sarili mula sa kanya, pinapanghina at minamaliit ang Salita ng Diyos, kaya naman siya ay naging haliging asin.

Upang alalahanin ang asawa ni Lot, ito ay magtuturo sa atin ng sumusunod na mga katotohanan;

***1. Ang kaligtasan ay personal na kapasyahan:*** Si Lot, ang kanyang asawa, at ang dalawang anak na babae ay tumatakbo upang iligtas ang kanilang buhay mula sa pagkasunog ng Asupre. Si Lot at ang kanyang dalawang anak na babae ay sumunod sa utos ng mga anghel at sila'y naligtas, ngunit ang asawa ni Lot ay nawala. Nagpasya siyang huwag sumunod at siya'y naging haliging asin. Ipinilit niyang huwag sumunod. Ang mga anghel ay naroon, ang kanyang asawa at ang kanyang dalawang anak na babae ay nasa paligid at ang babala ay napakalinaw, ngunit napagpasyahan niya na lumingon. Kaya naman alalahanin ang asawa ni Lot. Si Lot at ang kanyang dalawang anak na babae ay walang anumang nagawa para sa kanya sapagkat ang kaligtasan ay personal na kapasyahan. Ang katotohanan ay, ito'y hindi sapat na ang ating mga magulang ay Cristiano upang masabi natin na tayo din ay Crsitiano. Ang ilan ay nagsasabi, *'Oh ang aking mga magulnng ay palaging nanalangin para sa akin'.* Ngunit iyon ay hindi sapat. Hindi sapat na ang ating asawa o mga anak ay kilala ang Dios at nanampalataya kay Jesus sa gayo'y kasama nila din tayong maliligtas. Hindi sapat na ang ating mga kaibigan at ang mga nakakasama nating mga Cristiano ngunit tayo, ang ating sarili ay dapat magpasya na manampalataya sa pagkamatay ni Jesus at pagkabuhay, at sundin Siya at sumunod sa Kanyang Salita at gawin ang Kanyang kalooban.

***2.*** **A*ng mga Cristiano ay hindi dapat huminto, hindi dapat lumingon, ngunit patuloy na maglakbay hanggang sa huli.*** Ang asawa ni Lot ay lumingon sa masama at makasalanang lungsod at siya'y naging haliging asin. Siya ay naakit sa mga kayamanan at kasaganan ang Sodoma at Gomorra. Siya ay naakit sa kanyang naiwan mula sa bahay, kagamitan, ang kanyang ibang mga anak na babaae at ang kanilang pamilya, ang kanyang kapit-bahay, at mga kaibigan sa Sodoma, atbp. Hindi niya itinuon ang pagsunod sa kautusan ng Diyos, ***"huwag kang lumingon."*** Hindi siya naging maingat na ingatan ang mga kautusan ng Diyos hanggang sa huli, at kaya hindi niya nagawang makapasok sa bayan ng Zoar upang maligtas. Ayaw ng Diyos na bumalik tayo sa dati nating pamumuhay; pagsamba sa dios-diosan, immoralidad, pandaraya, kasamaan, walang katarungan, pagsisinungaling, pakikipagsaya, paggastos ng labis, mga immoralidada, pagnanakaw, pagmamaktol, kakulangan ng pangako, ibang mga uri ng kasalanan, atbp. Ang simbahan ng Sardis sila'y nagsasagawa ng mabuti sa nakaraan, ngunit ngayon hindi na sila, Kaya naman sila ay may reputasyon na sila ay buhay ngunit ngayon sila ay patay. *Sinusukat ka ng mga tao ayon sa iyong nakaraan, ngunit sinusukat ka ng Diyos ayon sa iyong kasalukuyang kalagayan.* Ayaw ng Panginoon na bumalik tayo sa dati nating masamang gawain ng paninigarilyo, pag-inom, pagsusugal, o pagsasayang muli ng oras sa mga kaibigan, panonood ng TV, You-tube, Instagram, Facebook, sa web, atbp. *Ayaw ng Diyos na iwaksi natin ang ating pangako para paglingkuran Siya. Ayaw ng Diyos na huminto tayo o tumigil tayo sa paglilingkod sa Kanya. Ayaw ng Diyos na kunin natin ang patlang at lumayo sa Kanya. Nais ng Diyos na tumingin tayo sa Langit at hindi sa sanglibutan ng masasamang pagnanasa.* Ang asawa ni Lot ay halos maabot ang bayan ng Zoar ngunit hindi ito nakapasok. Ang asawa ni Lot ay nagdusa sa paglalakbay upang iwanan ang Sodoma at umalis ngunit hindi siya nakapasok. Ang asawa ni Lot ay nawala ang lahat ng mayroo siya ng materyal na mga bagay sa kanyang bahay na nalipol sa Sodoma ngunit hindi siya nakapasok sa Langit. Marami na nawala ang kanilang kaligtasan sa kabila ng higit nilang ginawa at higit na nilakbay dahil hindi sila disididong sundin ang Diyos ng lubos at hanggang sa huli, ngunit naakit sa makamundong mga bagay at sa ibang mga tukso at sa kanilang mga damdamin na nagtulak sa kanila na gumawa ng isang bagay na nagdulot sa kanilang magkasala, inalis ang Karapatan at namatay ng walang pagsisisi. Ang Salita ng Diyos ay nagsasabi sa atin na dapat lubusang gawin ang ating sariling kaligtasan ng may takot at panginginig. ***"Kaya nga, mga minamahal ko, kung paano ang inyong laging pagsunod, na hindi lamang sa harapan ko, kundi bagkus pa ngayong ako'y wala, ay lubusin ninyo ang gawain ng inyong sariling pagkaligtas na may takot at panginginig;" (Filipos 2:12)*** Hindi natin lubos na magagwa ang ating kaligtasan dahil malaya nating tinanggap ito sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus, ngunit kailangan nating magpatuloy at gawin ang matuwid na paraan ng pamumuhay na tinanggap natin mula sa Kanya; paglakad kasama ng Diyos , pagsunod sa halimbawa ng Panginoong Jesus at paghihintay sa Kanya na pumarito at kunin tayo sa kawalang hanggan. Ang kaligtasan ay libre ngunit ito'y nagkakahalaga ng ating buong buhay. Ang Panginoong Jesus ay muling paparito upang hatulan ang sanglibutan: upang parusahan ang masasama, upang gantimpalaan ang mga matiyagang naghihintay sa Kanya at upang dalhin tayo kasama Niya sa Langit. Walang nakakaalam kung kailan darating ang Panginoon. Kaya't huwag tayong kumilos kagaya ng asawa ni Lot, sa huling sandali ay binawian ng buhay, dahil hindi tinupad ang iniutos ng Panginoon. Kaya't patuloy tayong magbantay dahil hindi natin alam kung anong araw paparito ang Panginoon.

***"Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka."*** Tinanggap ng asawa ni Lot at narinig niya ngunit hindi niya tinupad, kaya naman siya ay naging haliging asin. Siya ay matigas ang ulo at ginawa niya ang lahat upang lumingon sa pagsuway sa payak at malinaw na kautusan ng Diyos. Tayo ngayon ay lumapit sa Panginoon sa pagsisisi, ipagtapat sa ating mga kasalanan, talikuran ang mga ito, at italaga ang ating sarili na maglingkod sa Panginoon at isapamuhay ang ating buhay para sa Kanya at panatilihiin ang ating mga nagawa hanggang Siya ay pumarito upang kunin tayo papunta sa Langit. Tayo ay lumapit sa Panginoon at hilingin sa Kanya na dagdagan ang ating pagibig para sa Kanya at sa Kanyang Gawain at sa Kanyang paglilingkod at ministerio.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ating ipangako ngayon ang ating sarili sa mga simulain na ating narinig upang gawin mula sa Kanyang Salita. Ipangako natin ang ating sarili na alalahanin kung anong sinabi NIya sa atin sa Kanyang Salita at isagawa ang mga kautusang ito nang tapat sa ating buhay habang tayo'y nagpapatuloy na maglingkod sa Kanya.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon, salamat para sa iyong Salita na nagbababala sa akin at nagpaalala sa akin ng iyong pagparito at iyon ay kailangan kong maging handa.*

*Ipahayag ang iyong mga kasalanan ngayon sa Dios. Itakwil ang iyong katigasan ng ulo at kasutilan, ang iyong kamunduhan, ang pagiging kaibigan ng sanglibutan, ang pakikisama sa mga hindi mananampalataya, atbp. Panginoon patawarin ako sa mga sumusunod na mga kasalanan.________________________________________________. Panginoon ipinapangako ko ang sarili na sundin ang mga sumusunod na mga kautusan mo. _________________________________________________. Panginooon ipinapangako ko ang aking sarili na magpakita ng mabuting halimbawa sa iba, at magparami ng higit pang bunga ng Banal na Espíritu sa aking buhay upang makita ng mga tao si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na Lalake at Babae na tinanggap ang iyong Salita, at handang isapamuhay ang kanilang buhay at maglingkod sa iyo sa paraan na nais mong isabuhay ko para sa iyo. Panginoon proekahan mo sila, panatilihin mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang kailangan. Panginoon gamitin ang kanilang buhay upang maging mabuting halimbawa sa iba upang maakit sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami at alalayan kami bilang isang simbahan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Banal na Espiritu na kailangan naming magpatuloy at maglingkod sa iyo. Panginoon, kami'y nanalangin na paging dapatin kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami sa Kapayapaan sa Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com